



NANCY BARGMANN  
DIREKTOR

Estado ng California—Ahensya ng mga Serbisyon  
Pangkalusugan at Pantao

## Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad

1215 O Street, Sacramento, CA 95814

[www.dds.ca.gov](http://www.dds.ca.gov)



GAVIN NEWSOM  
GOBERNADOR

Setyembre 29, 2023

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: PROGRAMANG SELF-DETERMINATION: MGA BACKGROUND  
CHECK SA TAGAPAGKALOOB NG SERBISYO

Layunin ng sulat na ito ang tukuyin ang mga tagapagkaloob ng mga serbisyo at suporta na dapat sumailalim sa criminal background check para makapagbigay ng mga serbisyo para sa mga kalahok sa Self-Determination Program (SDP) alinsunod sa [Seksyon 4685.8\(v\) ng Welfare and Institutions Code](#). Ang sulat na ito, kasama ang karagdagang impormasyon sa ibaba tungkol sa mga kinakailangan sa pagsusuri sa background, ay naglilinaw sa gabay noong [Nobyembre 4, 2019](#).

Ang mga sumusunod na indibidwal ay kinakailangang sumailalim sa criminal background check ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Kagawaran):

- Sinumang empleyado ng kalahok ng SDP na magbibigay ng mga direktang serbisyo sa personal na pangangalaga. Hindi kasama rito ang mga miyembro ng pamilya na binabayaran upang magbigay ng mga direktang serbisyo sa personal na pangangalaga na nakatira sa parehong tahanan kasama ang kalahok.
- Sinumang empleyado ng isang tagapagkaloob na hindi isang vendor ng regional center at magbibigay ng mga direktang serbisyo sa personal na pangangalaga sa isang kalahok ng SDP.

Ang mga sumusunod na indibidwal ay hindi kinakailangang sumailalim sa criminal background check ng Kagawaran:

- Sinumang empleyado ng isang tagapagkaloob na vendor ng regional center at magbibigay ng mga direktang serbisyo sa personal na pangangalaga sa kalahok ng SDP, maliban kung ang isang background check ay kinakailangan ng vendor na iyon.

Dagdag pa rito, maaaring humiling ang isang kalahok ng SDP o ang kanilang tagapagkaloob ng Mga Serbisyo ng Pamamahala sa Pananalapi (Financial Management Services, FMS) ng criminal background check ng Kagawaran para sa sinumang empleyado o tagapagkaloob na binayaran upang magbigay ng mga serbisyo sa pamamagitan ng plano sa paggastos ng kalahok.

Ang tagapagkaloob ng FMS ng kalahok ay tutulong sa mga naaangkop na tagapagkaloob ng serbisyo sa prosesong ito sa pamamagitan ng pagdidirekta sa kanila sa mga naaangkop na lokasyon kung saan maaaring kumuha ng mga fingerprint. Bilang paalala, ang gastos para sa fingerprinting ay responsibilidad ng tagapagkaloob ng serbisyo.

Mga Executive Director ng Regional Center  
Setyembre 29, 2023  
Ikalawang pahina

Kung mayroong anumang mga katanungan tungkol sa mga kinakailangan sa criminal background check, mangyaring mag-email sa [sdpbackground@dds.ca.gov](mailto:sdpbackground@dds.ca.gov).

Taos-puso,

*Pinirmahan ang Orihinal na Kopya ni:*

VICKI L. SMITH, Ph.D.  
Deputy Director  
Dibisyon sa Pagbuo ng Patakaran at Programa

cc: Mga Administrador ng Regional Center  
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng Regional Center  
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Regional Center  
Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center  
Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad  
Nancy Bargmann, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad  
Brian Winfield, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad  
Carla Castañeda, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad  
Jim Knight, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad  
Ernie Cruz, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad  
Suzy Requarth, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad  
Kathleen Dempsey, Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pag-unlad